Presented at the 11th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 7 and 8, 2018

# Ang Ambag ni Peter Boomgaard sa Historiograpiya ng Kasaysayang Pangkapaligiran sa Kapuluang Timog Silangang Asya: Mga Panimulang Tala

Ma. Florina Orillos-Juan, Ph.D.
*Associate Professor, Department of History, De la Salle University Manila*
*ma.florina.orillos-juan@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Layunin ng papel na ito ang pagtalakay sa natatanging ambag ni Peter Boomgaard, isang Dutch na iskolar sa historiograpiya ng kasaysayang pangkapaligiran ng kapuluang Timog Silangang Asya, na may tuon sa Indonesia. Matapos makalap ang kaniyang mga akda sa wikang Ingles na nailimbag patungkol sa nabanggit na paksa, ilalapat ang katuturan, kahulugan at saklaw ng kasaysayang pangkapaligiran sa pagtatasa ng ambag ni Boomgaard sa pagpapalalim at pagpapalawig ng pag-unawa sa iba;t ibang aspekto ng kasaysayang pangkapaligiran sa rehiyon. Sa huli, pahahalagahan ang kaniyang pamana at hamon na iniwan sa mga akademiko at iskolar na nagsisikhay na magpaka-bihasa sa Timog Silangang Asya.

**Susing salita:** Peter Boomgaard, kasaysaysang pangkapaligiran, Indonesia, kapuluang Timog Silangang Asya

## 1. INTRODUKSIYON

Pangunahing layunin ng papel na ito ang pagtukoy at pagtalakay ng natatanging ambag ng isang iskolar na Dutch sa historiograpiya ng kasaysayang pangkapaligiran ng kapuluang Timog Silangang Asya (TSA).

Si Peter Boomgaard, ay dating Direktor, at nang lumaon isang Senior Researcher ng *Koninklijk Instituut voor Taal-, Land- en Volkenkunde* (KITLV) o Royal Netherlands Institute of Southeast Asian and Caribbean Studies na nakabase sa Leiden, the Netherlands. Naka-sentro sa disiplina ng kasaysayan ang kanyang tuon para sa masterado, na noong una ay may ispesyalisasyon sa Latin Amerika, na may diin sa Mexico. Nang magpursigi naman ng doktorado ay piniling magpakabihasa sa Indonesia. Simula sa mga unang taon ng dekada '70 ng dantaon 20, noong una niyang marating ang Indonesia, hindi na siya tumigil sa pananaliksik, pagsusulat at paglilimbag ng mga akdang madalas ay nakatuon sa kasaysayang pangkapaligiran ng Indonesia at iba pang lugar sa kapuluang TSA. Higit na nakilala si Boomgaard bilang isang "social and economic historian". Noong Enero 10, 2017, sumakabilang-buhay si Boomgaard dahil sa kumplikasyon sa sakit sa puso. Sa pagpanaw ni Boomgaard, natanto ng iba't ibang mga iskolar sa rehiyon ang pamanang naiwan niya sa larangan ng kasaysayan, ekonomiks, at demograpiya.

Kung masusing susuriin at tatasahin ang mga akda ni Boomgaard, isa sa mga makabagong henerasyon ng manunulat at iskolar na nagtuon ng atensyon sa Indonesia, hindi maitatwa na siya ay naghawan ng panibagong landas sa historiograpiya ng kapuluang TSA, na nakatuon sa Indonesia.

Ang papel na ito kung gayon ay isa ring uri ng pagpupugay at pagpapahalaga sa mga nagawa ni

Boomgaard sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman hinggil sa nabanggit na rehiyon.

## 2. PANGUNAHING ARGUMENTO

Pangunahing adhikain ng pag-aaral na ito na maitampok at mapahalagahan ang mga ambag ng iskolar na si Peter Boomgaard, isang mananaliksik na Dutch sa pag-aaral ng iba't ibang aspekto ng kasaysayang pangkapaligiran ng kapuluang TSA, lalo na ang Indonesia.

Binibigyang katuturan ang Kasaysayang Pangkapaligiran (KP) bilang "isang subdisiplina ng Kasaysayan na pumapaksa sa malalim na pagsusuri at pagtatasa ng masalimuot na ugnayan ng tao at ng kalikasankapaligiran na nakapaloob sa isang tiyak na panahon at lugar. Sentral sa pagpapakahulugang ito ang magkapantay at myutwal na papel ng tao at ng kanyang kapaligirang ginagalawan (Orillos 2016, pah. 4).
Maaaring makatukoy ng mga malalawak na tema ng KP, at ilan lamang sa mga ito ang sumusunod (Orillos 2016, pah. 5-6):
[1] pananaw ng tao sa kanyang kapaligiran at kalikasan na ginagalawan, na siyang humuhubog sa mga pagpapahalaga, pagturing, kilos, aktitud, at paggamit niya ng mga yaman at rekursong likas;
[2] mga pagbabago sa kalikasan na lubos na nakakaapekto sa mga tao, katulad na lamang halimbawa ng kung paano ang mga kalamidad na gaya ng pagputok ng bulkan, pagbaha, lindol, at iba pa ay nagiging isang malawak na disaster na nakababalam sa pamumuhay ng tao at nagdudulot ng matinding pagkawasak ng mga istruktura, pagkasira ng mga ari-arian, at/o maramihang pagkamatay o pagkapahamak;
[3] kung paano unti-unting "binabago" ng tao ang kanyang kalikasan at ang kaukulang epekto ng mga pagbabagong ito, na kadalasan ay ang pagkapariwara ng kalikasan;
[4] kolonyalismo at mga pagbabagong pangkapaligiran—sinusuri ang epekto ng mga patakarang kolonyal at neokolonyal sa "pagbabagong mukha" ng kapaligiran at ang kasamaan at/o kabutihang dulot nito sa nakararaming mamamayan (bilang isang bansa na humarap sa hamon ng kolonyalismo at neokolonyalismo);
[5] pagtunton ng ugat ng mga suliranin at isyung pangkapaligiran sa kasalukuyan at kung paano ang mga ito'y nagkaroon ng pagbabago/katangian o kakanyahan sa paglipas ng panahon; at
[6] pag-aaral ng mga patakaran at batas na nakaaapekto sa kalikasan-kapaligiran.

Gamit ang pagpapakahulugan na ibinigay sa itaas ukol sa KP, gayundin ang mga temang saklaw nito, na bagama't hindi eksklusibo ay natukoy pa rin, itatasa ang mga akda ni Boomgaard na nailimbag na. Ang mga akdang ito ay pawang naisalin at/o nakalimbag sa wikang Ingles.

## 3. METODOLOHIYA

Gamit ang metodong historikal sa kasalukuyang pag-aaral, sinikap ng awtor sa makalap ang mga akdang inilimbag ni Boomgaard gaya ng sumusunod: aklat na solo na akda o kaya ay inedit; mga kabanata na naging bahagi ng isang aklat at mga artikulo na nailimbag sa mga jornal. Gayunpaman, pinili lamang ang mga akda na nakasulat o naisalin sa wikang Ingles. Matapos basahin at suriin ang nilalaman ng mga nabanggit na akda, binuo ng may-akda ang panimulang pag-uuri ng mga temang maaaring itakda sa ilan o grupo ng mga akdang ito. Ang paka-kategorya ng mga akda ay batay sa mga temang may kinalaman sa pag-aaral ng kasaysayang pangkapaligiran na una nang binaggit sa itaas.

## 4. MGA NATUKLASAN

Mahalagang isaalang-alang na isang katotohanan na nagbigay-direksyon sa tuon ng kaniyang pananaliksik ay ang pagkaka-talaga niya noong 1991 bilang direktor ng *Koninklijk Instituut voor Taal-, Land- en Volkenkunde* (KITLV) o Royal Netherlands Institute of Southeast Asian and Caribbean Studies. Sa kaniyang kapasidad bilang tagapamuno ng KITLV, sinimulan ang proyektong EDEN, maikling pangalan ng Ecology, Demography and Economy in Nusantara na may pangunahing adhikain na makabuo ng kasaysayang pangkapaligiran ng

Indonesia (Henley 2016, pah. 175)

Dahil sa katotohanan na ang kasalukuyang pag-aaral ay panimulang hakbang para pahalagahan ang ambag ni Peter Boomgaard sa pagpapalaganap ng kasaysayang pangkapaligiran ng TSA, matutunghayan sa ibaba ang pagtatasa ng kaniyang anim (6) lamang sa kaniyang mga pangunahing obra.

Bilang panimulang pagtatangka na ipakilala ang sangkapuluang Indonesia at ang pook nito sa kasaysayang pangkapaligiran ng rehiyon ng TSA, inilimbag ni Boomgaard ang isang kabanata na may pamagat na *Sacred Trees and Haunted Forests in Indonesia in the Nineteenth and Twentieth Centuries*. Ang pangunahing tema na binigyang-tuon ng awtor ay kung may katotohanan ang palasak na kaisipan na ang mga pangunahing relihiyon na umusbong sa Kanluran ay naka-impluwensiya sa kung paano tinitingnan ng tao at ginagamit ang kalikasan; at sa kabilang banda, ang mga paniniwalang bumukal mula sa Silangan at/o Asya ay mas malawak na pananaw tungo sa kalikasan at may kaisipang hindi kontrolado ng tao ang kalikasan. Pangunahing ambag ng aklat ang pagbibigay-linaw sa usapin kung ang pagturing ba sa ilang bahagi ng kagubatan at sa ilang species ng puno bilang sagrado, sa pagitan ng dantaon 19 hanggang 20, ay isang mahalagang salik sa pangangalaga dito. Sa huli, napagtanto ni Boomgaard na sa pagkawala ng katutubong konsepto ng *angkar* na pumapatungkol sa sagradong mga puno at lugar, kaalinsabay ng pagbabagong pangkabuhayan ay kapuwa dahilan upang unti-unting mabago ang kalikasan at kapaligiran (1995, pah. 60).

Sa isa sa mga kauna-unahang akda ni Boomgaard na *Paper Landscapes: Explorations in the Environmental History of Indonesia*, ipinaliwanag niya ang kabuluhan para sa isang iskolar gaya niya na atupagin ang pananaliksik at pagsusulat patungkol sa kasaysayang pangkapaligiran (KP) ng Timog Silangang Asya. Katulad ng iba pang eksperto sa larangan ng KP, isinulong din niya na ito ay naka-sentro sa "mutwal na impluwensiya ng tao at ng kapaligiran" (Boomgaard 1997, 2). Sa kaisipang ito, kapuwa may ginagampanang papel ang tao at kapaligiran sa pag-sanhi ng mga pagbabagong humuhubog sa proseso at pangyayaring historikal. Karamihan sa mga artikulong nakapaloob, ay patungkol sa Indonesia sa panahon kung kailan makapangyarihan ang mga Dutch, at sumasakop sa mga paksang gaya ng paggamit ng lupa, paggamit ng kagubatan ang mga rekurso nito, panganaso, agrikultura, at pangingisda sa karagatan.

Karugtong ng akdang binanggit sa itaas ang pagkalimbag ng *Southeast Asia: An Environmental History*, na inilimbag noong 2007 bilang teksbuk sa seryeng Nature and Human Societies ng ABC-CLIO. Binigyang-gabay ni Boomgaard ang paghubog sa kasaysayang pangkapaligiran ng rehiyon. Pangunahing tema ng teksbuk ang ugatin kung paano ang mga tao, at ang sumulpot na gawi ng pamumuhay at kabuhayan ay lubos na nakaapekto sa mga pagbabagong pangkapaligiran sa Timog Silangang Asya. Ang pagbulusok ng populasyon, paglitaw ng ibat' ibang uri ng teknolohiya, kalakalan at pagdating ng mga dayuhan ang ilan lang sa mga importanteng dahilan kung bakit lalo pang naging malawak ang epektong dulot sa kapaligiran. Sa kaniyang pagpapaliwanag, noong tuluyan nang naging sedentaryo ang pamumuhay ng mga tao sa kapuluan, nagbigay-daan ito sa paglitaw ng mga tinukoy niya na "agro-ecosystem" katulad ng pagtatanim ng palay na may irigasyon (Boomgaard 2007, pah. 51) na siyang naging sanhi ng pagbabago ng natural na landscape. Nang tuluyang dumami ang mga tao, nagkaroon ng proseso ng ispesyalisasyon at pagtatangi, at humantong sa palitan ng produkto at pakikipagkalakalan, lalo pa itong naging dahilan upang baguhin ang kalikasan at kapaligiran. Ang paglitaw ng mga maagang sentro ng kapangyarihan, katutubong estado, sentralisasyon ng pamahalaan ay mga pangunahing dahilan kung bakit lalo pang na-kontrol ng mga tao ang kapaligiran. Unti-unting naubos ang mga puno sa kagubatan para sa mga pagtatayo ng mga sagradong templo at gusali at gayundin para sa mga pagawaing-bayan, binago din ang daloy ng tubig ng mga ilog para sa irigasyon. Sa

pagdatal ng dantaon 19 hanggang dantaon 20, ipinakilala naman ni Boomgaard ang ideya ng "environmental debacle" kung saan humarap naman sa masalimuot na mga hamon at problema ang TSA – ang paglala ng estado ng mga kagubatan bunga ng malabis na pagto-troso, polusyon dulot ng pagmimina, pagbabago at banta sa mga species ng halaman at hayop at maging ang pag-usbong ng turismo na nakaaapekto sa kalagaya ng kalikasan.

Sumentro naman sa ugnayan at interaksyong tigre-tao sa mga pulo ng Java, Sumatra, Malaya at Bali ang paksa ng akdang *Frontiers of Fear: Tigers and People in the Malay World, 1600-1950* (2001). May kahabaan ang piryod na sakop ng pag-aaral subalit sa may diin sa pagpanaahong dantaon 19 hanggang 20, batay na rin sa datos na maaaring makuha sa mga batis na nariyan pa. Hindi rin maitatatwa na ang geograpikong tuon ay mas kumiling sa pulo ng Java. Anu't anupaman, sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa mga tigre (kasama na rin ang leopard at clouded leopard) na sa mga nabanggit na piryod ay gumagala pa sa mga nasabing pulo, itinasa ni Boomgaard ang uri at estado ng kalikasan na mayroon pa. Sa madaling salita, sa panahon kung kailan mayroon pang mga kagubatang hindi natitinag ng tao, malayang namumuhay ang mga ganitong uri ng hayop. Ngunit sa iba't ibang panahon kung kailan nauso ang paglikha ng mga tao ng pataniman, kabahayan, at mga bayan, nagkaroon ng banta sa mga buhay ng tao: may mga tala ng kaso ng tao na napapatay ng mga tigre, bunga na rin ng katotohanan na ang tao mismo ang lumagos sa kanilang teritoryo. Lumaon pa, nauso rin ang pagpapalago ng kasanayan ng tao sa pangangaso-bilang-libangan. At sa puntong ito, ang mga tigre at iba pang mababangis na hayop ang tinuunan ng kanilang pansin: ang mga katutubong pinuno, gayundin ang adbenturero/lider na Europeo ay nagsimulang mangaso ng mga gayong uri ng hayop.

Sa akdang pinamatnugutan ni Boomgaard na *A World of Water: Rain, Rivers and Seas in Southeast Asian Histories*, ang realidad ng impluwensiya ng tubig (sa lahat ng anyo nito, gaya ng natural na buhos ng ulan o anyong tubig gaya ng ilog, lawa) sa pamumuhay ng mga taga TSA. Bahagi ng katotohanang ito ang benepisyo na nakukuha sa tubig, at gayundin naman ang panganib na dulot nito na kapuwa humubog sa pamumuhay ng mga taga TSA. Napalilibutan ng karagatan ang rehiyon, na isyang pangunahing daluyan ng, at paglago ng kalakalan, lalo na sa mga kanugnog-rehiyon. Subalit kaakibat ng kalagayang geograpikal nito ay ang pagkalantad sa mga hazard na gaya ng tsunami, storm surge, malalakas na bagyo at iba pa. Mahalagang salik rin ang problema sa/at ng mga pirata na namemerwisyo sa mga manlalakbay at mangangalakal sa karagatan. Sa kabilang dako naman, ang tuon ng mga matatandang pamayanan sa TSA sa pagtatanim ng palay (na binansagang 'lipunang hidrauliko") ay naging dahilan para ibahin ang daloy ng mga pangunahing ilog para magbigay-daan sa irigasyon.

Ang aklat na *Muddied Waters: Historical and Contemporary Perspectives on Management of Forests and Fisheries in Island Southeast Asia* ay naka-sentro sa pakikipag-ugnayan ng tao sa dalawang aspekto ng kapaligiran: ang kagubatan at ang karagatan. Sa madaling salita, tuon nito ang dalawang magkaibang entidad at ecosystem, gayundin ang mga rekursong nakukuha at naaani sa loob nito. Ang patuloy na paglinang, at kapagdaka ay pag-ani ng mga rekursong pangkagubatan at pang-karagatan ay makaka-impluwensiya sa pagdami/pagkabawas ng mga ito na hahantong sa pagpapasa at pagpapatupad ng mga patakaran sa pangangalaga at konserbasyon nito.

## 5. PAGSUSURI

Hindi maitatwa na ang bukod-tangi na ambag ng mga pananaliksik, pag-aaral ni Boomgaard ay ang lalo pang pagpapayaman, pagpapalalim ng kaalaman na may kinalaman sa kapaligiran at kasaysayang pangkapaligiran

ng Indonesia at kapuluang TSA. Pangunahing mababanggit ang pagkalap, pagsalin at pagususri ng mga sangguniang primarya na nasa mga repositoryo at/o sinupan sa Netherlands o lokal na institusyon sa Indonesia. Mapapansin rin ang aktitud ng may-akda hinggil sa kaniyang ginawang pamumunang-kritikal hinggil sa mga naunang akda na kung saan masasalamin ang kultural na pagkiling ng mga dayuhang iskolar sa kanilang paksang dinadalumat. Imbes na tanggapin ang mga konklusyon at kiling ng mga ganitong uri ng iskolar sa rehiyon, nagninilay muna siya ukol sa kaangkupan ng mga ito at epekto sa taal na kalinangan. Hangga't possible, adhikain niya na makapagsulat ng alternatibong pagtanaw sa mga prosesong historikal batay sa mga ebidensiyang hinango mula sa primarying batis.

Makabuluhan rin ang insyatiba ni Boomgaard na pamatnugutan at tipunin ang mga kontribusyon ng iba pang iskolar at paham sa TSA upang makabuo ng isang aklat. Kung hindi nasimulan ang ganitong hakbang, maaaring hiwa-hiwalay na mababasa ang mga akdang isinulat ng bawat iskolar. Pero dahil nakabuo ng isang tomo na kung saan may isang tema na sumasaklaw sa mga paksa, mas naging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral at mananaliksik ng kasaysayan at kabihasnan ng TSA at ng kasaysaysang pankapaligiran ang mga akdang tulad ng pinangunahan ni Boomgaard.

## 6. KONKLUSYON

Bilang isang iskolar na nagpaka-bihasa sa larangan ng kasaysayan pangkapaligiran ng kapuluang TSA , walang duda na pinalalim at pinalawak niya ang larangan na ito ng kasaysayan, at kapagdaka ay nagbukas siya ng bagong landas para sa mga iba pang akademiko na nais na magsulat ng kaugnay na pag-aaral. Maraming henerasyon ng mga mag-aaral ang tunay na makikinabang sa natatanging pamana na ito ni Peter Boomgaard.

## 7. SANGGUNIAN

Bankoff, G. and P. Boomgaard (2007). *A History of Natural Resources in Asia: The Wealth of Nature*. Basingstoke: Palgrave MacMillan.

Boomgaard, P. (2001). *Frontiers of Fear: Tigers and People in the Malay World 1600-1950*. New Haven: Yale University Press.

Boomgaard, P. (1990) *Food Crops and Arable Land Java 1815-1942*. Amsterdam: Royal Tropical Institute.

Boomgaard, P. (1997). "Hunting and Trapping in the Indonesian Archipelago, 1500-1950." *Paper Landscapes: Explorations in the Environmental History of the Indonesia*. Ed. Peter Boomgaard, Freek Colomibjn and David Henley. Leiden: KITLV.

Boomgaard, P. (2007). *A World of Water, Rain, Rivers and Seas in Southeast Asian Histories.* Leiden: KITLV Press.

Boomgaard, P. (2007). *Southeast Asia: An Environmental History*. Santa Barbara, California: ABC-CLIO.

Boomgaard, P., D. Henley and M. Osseweijer. (2005). *Muddied Waters: Historical and Contemporary Perspectives on Management of Forests and Fisheries in Island Southeast Asia*. Leiden: KITLV Press.

Boomgaard, P. (1995). Sacred Trees and Haunted Forests in Indonesia - Particularly Java, Nineteenth and Twentieth Centuries. In O. Bruun and A. Kalland (eds.) *Asian Perceptions of Nature: A Critical Approach* (pp. 48-62). London : Curzon Press for Nordic Institute of Asian Studies.

Henley, D. (2017). "In Memoriam: Peter Boomgaard." *Bijdragen Tot de Taal-, Land- en Volkenkunde* 173: 173-179.

Orillos-Juan, M. F. (2016). "Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin." *Saliksik E-Journal*. Tomo 5 Bilang 1: 1-43.